# Pagtatapos ng Espesyal na Panukala sa Katayuan ng Paninirahan para sa mga nahihirapang umuwi dahil sa epekto ng lualaganap na COVID-19

Mayo 31, 2022
Ahensya ng Serbisyo sa Imigrasyon ng Japan
Immigration Services Agency of Japan

## Tugon mula ngayon

○ Dahil sa kalagayang dumarami ang umaalis ng Japan atbp. , magsasagawa ang ahensya ng sumusunod na mga hakbang sa pag-uwi sa sariling bansa ayon sa pagtatapos ng panahon ng pananatili ng kasalukuyang katayuan ng paniniran para sa mga dayuhang espesyal na napayagang manatili .

## ① Para sa mga hanggang Hunyo 29 ang pagtatapos ng pananatili

Mapapayagang magparenew ng panahon ng pananatili tulad ng sumusunod.

a) Mga nananatili sa "Tukoy na Aktibidad (6 na buwan)" atbp. : "Tukoy na Aktibidad (4 na buwan)"

b) Mga nananatili sa "Short-term (90 araw)" : "Short-term (90 araw)"

Tanda 1) Patuloy na makakapagtrabaho sa kasalukuyang pinahihintulutang sakop.

Tanda 2) Mapapayagan "sa pagkakataong ito lamang" ang "Tukoy na Aktibidad (4 buwan)" o "Short-term (90 araw)" sa susunod na pagrerenew.

## ② Para sa mga pagkatapos ng Hunyo 30 ang pagtatapos ng pananatili

Mapapayagang magparenew ng panahon ng pananatili tulad ng sumusunod "sa pagkakataong ito lamang" .

a) Mga nananatili sa "Tukoy na Aktibidad (6 na buwan)" atbp. : "Tukoy na Aktibidad (4 na buwan)"

b) Mga nananatili sa "Short-term (90 araw)" : "Short-term (90 araw)"

Tanda 1) Patuloy na makakapagtrabaho sa kasalukuyang pinahihintulutang sakop.

Tanda 2) Dahil sa pagkakataong ito lamang ang permiso sa paninirahan dahil nahihirapang umuwi, mangyaring maghandang umuwi sa loob ng pinahihintulutang panahon.

Tanda 3) Hindi mapapayagang magparenew ng panahon ng pananatili kapag natapos na ang panahon ng pananatili na nauugnay sa permiso sa itaas.

## ③ Para sa mga gustong manatili sa Japan dahil nahihirapang umuwi

Para lamang sa mga matatapos ang panahon ng pananaili ng kanilang Katayuan ng Paninirahan hanggang sa Nobyembre 1, 2022, mapapayagan ang mga hakbang na ② "sa pagkakataong ito lamang" .

Tanda) Mapapayagan hanggang 1 taon (※ "sa pagkakataong ito lamang" ) para sa "Tukoy na Aktibidad (Suporta sa pagpapanatili ng trabaho)" .

※ Kailangang magsumite ng "Kumpirmasyon" ang mga mag-aaplay ng permiso na para "sa pagkakataong ito lamang" .

# Naaangkop sa pagtatapos ng Espesyal na Panukala

Mayo 31, 2022
Ahensya ng Serbisyo sa Imigrasyon ng Japan
Immigration Services Agency of Japan

| | Mga Naangkop | Dating Pangangasiwa | Bagong Pangangasiwa |
|---|---|---|---|
| 1 | Dating Teknikal na Intern | Tukoy na Aktibidad (6 na buwan, Nahihirapang umuwi, Puwedeng magtrabaho) | Tukoy na Aktbidad (4 na buwan, Nahihirapang umuwi, Puwedeng magtrabaho) |
| 2 | Dating Estudyante | Tukoy na Aktibidad (6 na buwan, Nahihirapang umuwi, Puwedeng magtrabaho sa loob ng 28 oras bawat linggo) | Tukoy na Aktibidad (4 na buwan, Nahihirapang umuwi, Puwedeng magtrabaho sa loob ng 28 oras bawat linggo) |
| 3 | Dating Pangkatamtama-matagalang Residente | Tukoy na Aktibidad (6 na buwan, Nahihirapang umuwi, Puwedeng magtrabaho) (※) | Tukoy na Aktibidad (4 na buwan, Nahihirapang umuwi, Puwedeng magtrabaho) (※) |
| 4 | Short-term Stay | Short-term Stay (90 araw, Nahihirapang umuwi, Hindi puwedeng magtrabaho) (※) | Short-term Stay (90 araw, Nahihirapang umuwi, Hindi puwedeng magtrabaho) (※) |
| 5 | Mga sinusuportahan sa pagpapanatili ng trabaho | Tukoy na Aktibidad (Hanggang 1 taon, Suporta sa pagpapanatili ng trabaho, Puwedeng magtrabaho) | Tukoy na Aktibidad (Hanggang 1 taon, Suporta sa pagpapanatili ng trabaho, Puwedeng magtrabaho)<br>Tanda) 4 buwan sa pagrerenew |
| 6 | Internship (Public Notice Blg. 9)<br>Dayuhang manggagawa sa industriya ng paggawa (Public Notice Blg.42) | Tukoy na Aktibidad (6 na buwan, Nahihirapang umuwi, Puwedeng magtrabaho) | Tukoy na Aktibidad (4 na buwan, Nahihirapang umuwi, Puwedeng magtrabaho) |
| 7 | Dating dayuhang kasambahay | Tukoy na Aktibidad (6 na buwan, Nahihirapang umuwi, Hindi puwedeng magtrabaho) (※) | Tukoy na Aktibidad (4 na buwan, Nahihirapang umuwi, Hindi puwedeng magtrabaho) (※) |

※ Maaaring magtrabaho sa loob ng 28 oras bawat linggo kapag kumuha ng permiso as aktibidad sa labas ng kwalipikasyon.